# QC at Davao City muling ni-renew ang sister agreement

Nilagdaan nina Davao City Vice Mayor Bernard E. Al-ag bilang representative ni Mayor Sara Duterte ang panibagong sister city agreement sa pagitan ng Quezon City at Davao City sa ikalawang pagkakataon sa isang programa na pinangunahan ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte at ng Sangguniang Panglungsod sa Albert Hall ng QC hall.

"We are saddened that Mayor Sara could not be with us today. Nevertheless, we are ecstatic that the members of the Davao delegation are here in full force, to support our respected relationship with Davao. We thank Vice Mayor Al-ag for being here as the representative of our beloved Mayor Sara," sabi ni Belmonte sa hindi pagdalo ni Mayor Sara Duterte dahil sa hindi inaasahang pagkakataon ay nagkasakit ang kanyang anak.

Bilang tumatayong presiding officer ng Sangguniang Panglungsod, ipinahayag ni Belmonte na si 3rd District Councilor Gian Carlo Sotto ang naghain ng isang resolusyon na naglalayong itaguyod muli ang sister city agreement ng Davao at Quezon City para mas "higit na mapabuti ang lokal na pamahalaan."

"I believe the re-establishment of our sister city partnership with Davao City will boost our socio-cultural, trade and economic development," dagdag pa ni Belmonte.

Si QC Mayor Herbert Bautista, ang pumirma ng Memorandum of Agreement (MOA) kasama si Al-Ag upang pormal na i-renew ang sister city partnership.

Katuwang ni Bautista sa pag-abot ng "Key to the City" at ang bagong pirmadong MOA kay Al-ag ay si Belmonte. Ito ay ang sensyales nang muling pagiging sister-city ng dalawang prominenteng lungsod.

Napirmahan ang unang kasunduan bilang "sister city" sa pagitan ng lungsod Quezon at Davao noong Oktubre 12, 1994 sa pamamahala nina dating QC Mayor Ismael Mathay at dating Davao City Mayor Rodrigo Duterte. *(Angie dela Cruz)*